Grade 4 Filipino

BASAHIN, PAG-ARALAN, AT SIKAPING MAINTINDIHAN:

Ang Pangkilos

Ang pangkilos ay salitang nagsasaad ng kilos. Matatagpuan ito sa bahaging panaguri ng pangungusap. Ito ay nabubuo sa pamamagitan ng pagsasanib ng isang salitang ugat at ng isang panlapi, o mahigit pa. Sa pangungusap na

Uminom ka ng maraming tubig.

nagpapahayag ng kilos ang salitang [uminom]. Ito ay nabubuo sa pagsasanib ng [um-] na isang panlapi at ng [inom] na isang salitang ugat. Ang pangkilos ay nakikilala sa pamamagitan ng impleksiyon o pagbabagong anyo nito sa iba-ibang aspekto.

Ang Pangkilos sa Anyong Neutral

Ang pangkilos na hindi sumasailalim sa impleksiyon ay nasa anyong neutral. Ang pangkilos sa anyong neutral ay ang pangkilos na nabubuo sa pagsasanib ng salitang ugat at ng panlapi sa likas na mga anyo.

halimbawa:

Nagsimba si Joel kahapon.

Hindi neutral ang anyo ng [nagsimba] sapagkat sumailalim ito sa impleksiyon, kung kaya’t hindi na likas ang anyo ng [nag-], ang panlaping ginamit. Ang likas na anyo ng [nag-] ay [mag-], at ang anyong neutral ng [nagsimba] ay [magsimba].

magsimba *(anyong neutral)*

[mag-] + [simba] → (impleksiyon) =

[mag-] → [nag-] =

[nag-] + [simba] =

[nagsimba] =

nagsimba *(bagong anyo)*